# 【Madalas na Katanungan】

Hokkaido Foreign Resident Support Center

**Q:** Kailangan bang kumuha muli ng My Number Card sa tuwing mag pa pa renew ng Residence Card o kaya ay magbabago ng Residence Status?

**A:** Pagkatanggap ng bagong Residence Card at hindi pa expired ang validity at hindi pa expired ang validity ng My Number Card, ay Hanggang sa araw ng expiration nito, maaaring i proseso ang extension ng validity ng My Number Card. Kung ang My Number Card ay expired na, nararapat na kumuhang muli (may bayad).

## Kung hindi pa expired ang My Number Card




### Extension ng Validity ng My Number Card

Pagkatanggap ng bagong Residence Card at hindi pa expired ang validity ng My Number Card, hanggang sa araw ng expiration nito, maaaring i proseso ang extension nito nang walang bayad. Kung na proseso ito, ang araw ng validity ng My Number Card ay makakapareho ng bagong residence card.

*Kaya, ang taong nasa tamang edad ay maaaring mag extend ng validity ng My Number Card sa ika sampung  beses ng araw ng kapanganakan mula sa pag ka isyu nito (ang menor de edad ay sa ika 5 beses). Kung lalagpas dito, kinakailangang kumuha muli ng My Number Card.

### Special Case para sa Extension ng Validity ng My Number Card

Sa pag renew ng residence card o pagpalit ng residence status, kung sigurado nang hindi matatanggap ang bagong card hanggang sa huling araw ng validity ng My Number Card, **Maaaring i extend nang walang bayad ang validity ng My Number bago ito mag expire (2 buwan).**

Kaya, matapos ang extension at matatanggap ang residence card sa loob ng 2 buwan, i proseso naman ang extension ng validity ng My Number Card, maaaring i extend hanggang sa araw ng validity kapareho ng residence card

*Para sa aplikasyon, kailangan ang ilang dokumento（①Sa baba ng gawing kanan ng residence card "Kasalukuyang pinoproseso ang extension ng residence card" ay nakatatak o may stamp nito② Palitan ng email online at nagsasaad na tapos na ang pag aplay ng renewal ng residence card).

## Kung na expired na ang My Number Card

### Reissue ng My Number Card

Kung hindi na proseso ang extension ng validity ng My Number Card at sa pagtanggap ng bagong Residence Card ay hindi balido ang My Number Card, nararapat na mag aplay ng reissue nito, may bayad na 1,000 yen para sa proseso

# Daloy ng proseso para sa Extension ng Validity ng My Number Card

**Pag renew ng Residence Card・Pagpalit ng Residence status**

- Natanggap ang bagong Residence Card bago mag expire ang My Number Card
  ↓
  **Extension ng Validity ng My Number Card**
- Hindi natanggap ang bagong Residence Card bago mag expire ang My Number Card
  ↓
  **Special Case na pag extend (2 buwan)ng My Number Card**
  ↓
  Natanggap ang bagong Residence Card
  ↓
  **Extension ng Validity ng My Number Card**
- Expired na ang My Number Card
  ↓
  **Reissue (May Bayad) ng My Number Card**

## Mga Dapat Tandaan o Pag ingatan

- Para sa mga dayuhang may palugit ang hawak na Residence Card （Bukod sa mga Special Permanent Resident, Permanent Resident o Highly Skilled Professional (ii) ), ang validity ng kanilang My Number Card ay kapareho ng kanilang Residence Card.
- Para sa mga dayuhang may palugit ang hawak na Residence Card, walang matatanggap na abiso na mapapaso na ang validity ng kanilang My Number Card.
- Sa pag renew ng Residence Card o pagbago ng Residence status, bagamat naisagawa ito, ang impormasyong nakasulat dito ay hindi awtomatikong maibabalik sa My Number Card. Nararapat na mag aplay ng extension ng validity ng My Number Card.

## Sanggunian


Para sa mga banyagang residente na may hawak na My Number Card
（Immigration Services Agency HP）

Wika：Hapon, Ingles, Tsina (Pina simple・Tradisyunal), Koreano, Portuguese, Kastila, Biyetnam

## Alam mo po ba？

Simula Disyembre 2, 2024, ang kasalukuyang Health Insurance Card ay hindi na ma i issue at ang My Number Card na ang magiging kapalit nito. Kaya, ang wala pang hawak na MY Number Card ay mangyaring kumuha nito at ipa rehistro upang magamit bilang Health Insurance Card.

*Ang Health Insurance Card na balido hanggang Disyembre 2, 2024 ay magagamit sa loob ng pinakamahaba na ang 1 taon. Kung napaso na ito, maaaring hindi na ito magamit sa oras ng pagpapalit ng trabaho o tirahan.



Nilikha base sa Impormasyon mula sa HP ng Immigration Service Agency, MHLW, Urakawa Town, Otofuke Town, Kyowa Town

www.hiecc.or.jp/soudan www.facebook.com/hiecc.support E-MAIL: support@hiecc.or.jp TEL: 011-200-9595 FAX: 011-221-7845